18-FEB-2016 07:30 P.03

RECEIVED
18 FEB 2016

DepEd Advisory No. 358, s. 2015
December 9, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

## PAMBANSANG SEMINAR SA FILIPINO 2016 NG DE LA SALLE UNIVERSITY-MANILA

Ang Departamento ng Filipino ng De La Salle University-Manila, ay magsasagawa ng *Pambansang Seminar sa Filipino 2016* na may temang *Retooling sa Pagtuturo ng/sa Filipino sa Elementarya, Hayskul at Kolehiyo: Nilalaman at Pamamaraan*" sa Abril 27 hanggang 29, 2016 sa Yuchengco 407-409 sa DLSU Taft Avenue, Lungsod ng Maynila.

Ang layunin ng Seminar ay ang mga sumusunod:

1. mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro hinggil sa pagpapatupad ng bagong kurikulum ng Filipino sa iba't ibang antas;
2. mapataas ang lebel ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo at pagtuturo nito bilang asignatura sa iba't ibang antas;
3. makatulong sa retooling ng mga guro ng/sa Filipino sa iba't ibang antas; at
4. makapag-ambag sa pagpapalakas ng intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa akademya, sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mahusay, malikhain, at mapanuring pagtuturo ng/sa Filipino sa iba't ibang antas.

Ang inaanyayahang dumalo sa seminar ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa bawat paaralan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at kawani sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Bb. Marilou Bagona
  De La Salle University (DLSU), Taft Avenue, Manila
  Teleponо: (02) 524-46-11 lokal 509; 552

- Dr. David Michael M. San Juan
  DLSU, Taft Avenue, Manila
  Mobile Phone: 0927-242-1630
  Email Address: dmmsanjuan@gmail.com

RELEASED
DATE: 2/18/16

Alma/DA pambansang seminar sa Filipino
0782-December 3, 2015

- Mam Agnes Bacugan
- Respante

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
Region I
City of San Fernando, La Union 2500

**FAX MESSAGE** February 16, 2016

**TO: ALL SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENTS**

For information.

**DIRECTOR TORIO**

*For and in the absence of the Regional Director:*

ARNOLD I. VINO
Chief Administrative Officer V
Budget and Finance Division
Officer-In-Charge